Transport for NSW
Community Transport

Filipino

Transportasyon para sa NSW

# Pangkomunidad na Transportasyon

Ligtas, abot-kaya, hatid-sundong transportasyon na nakakatulong sa inyong malayang pagpunta-punta sa mga lugar at mabuhay ng lubusan



## Kayo ba ay nahihirapang makapunta sa mga lugar na kailangang puntahan? Kayo ba ay parang nahiwalay sa lipunan? Gusto ba ninyong mapanatili ang inyong kalayaan at mapaganda ang inyong buhay-panlipunan?

Ang Pangkomunidad na Transportasyon ay isang serbisyong pinondohan ng gobyerno na tumutulong sa inyo upang mabuhay ng masaya, malusog at kontento sa buhay sa pamamagitan ng mas madaling pagpunta-punta sa mga lugar at manatiling konektado sa lipunan.

Ang serbisyong ito ay tanging dinisenyo upang makatulong sa inyong pagpunta sa mga tipanan sa pagpapagamot, makisali sa mga gawaing panlipunan, makapamalengke at manatiling malayang namumuhay sa bahay.

## Ano ang mga serbisyong maibibigay ng Pangkomunidad na Transportasyon?

May hanay ng mga serbisyong ibinibigay ang Pangkomunidad na Transportasyon, ngunit ang mga serbisyo ay magkakaiba depende sa mga opereytor. Tawagan ang inyong lokal na opereytor upang malaman kung ang kanilang serbisyo ay akma sa inyong mga natatanging pangangailangan.

- Hatid-sundo (door to door) na transportasyon
- Naibabagay na mga oras ng pagsundo ayon sa inyong mga pangangailangan
- Mga sasakyan ay akma sa mga “wheelchairs” at mga taong may natatanging mga pangangailangan sa pagkilos
- Mga sasakyan kakasyang isakay ang mga maliit na grupo
- Mga sinanay na drayber na tutulong sa inyong pag-akyat at pagbaba sa sasakyan
- Mga katulong sa pagdadala ng mga supot ng mga pinamili para sa bahay
- Mga kawaning nakakapagsalita ng iba’t-ibang wika at mga mapagkukunan upang makakasuporta sa inyong mga pangangailangan sa wika



## Sino ang maaring gumamit ng Pangkomunidad na Transportasyon?

Ang Pangkomunidad na Transportasyon ay magagamit ng mga taong nahihirapan sa transportasyon at nakakatupad sa mga kriterya sa paggamit.

**Karapat-dapat kayong gumamit kung:**

- Kayo ay matanda at nahihirapan sa paglakad
- Kayo ay may-kapansanan o mga problema sa kalusugan kaya nahihirapang magbiyahe
- Kayo ay nahihirapan sa wika kaya nagkakaproblema din sa paggamit ng transportasyon
- Kayo ay nakatira sa lugar na kaunti o walang pampublikong transportasyon at hindi makagamit ng pribadong transportasyon
- Kayo ay may iba pang mga matinding balakid sa paggamit ng transportasyon

Kung kayo ay may edad 65 taon at mahigit (50 taon at mahigit sa taong Aborihinal at taga-Torres Strait Island), tumawag sa **My Aged Care** sa 1800 200 422 upang matasa kung kayo ay nararapat at upang humingi ng rekomendasyon sa lokal na opereytor ng Pangkomunidad na Transportasyon. Kung mas bata kayo rito, kausapin ang inyong lokal na opereytor.

Para sa mga taong hindi karapat-dapat para sa Pangkomunidad na Transportasyon, ang **First Stop Travel Training (Pagsasanay sa Unang Hintuan sa Pagbibiyahe)** ay maaaring makatulong. Ang walang-bayad na serbisyong ito ay nagtuturo sa paggamit nang ligtas at malayang paggamit ng mga pampublikong transportasyon, para maging mas madali ang pamamamasyal at pakikisali sa komunidad.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa **firststop.transportnsw.info**



## Magkano ang bayad sa Pangkomunidad na Transportasyon?

Ang bayad ay nagkakaiba depende sa mga opereytor at lugar, magagamit, pangangailangan ng pasahero at lokasyon ng paghahatid-sundo.

Tawagan ang inyong lokal na opereytor ng Pangkomunidad na Transportasyon para malaman ang bayad ng serbisyo bago magpareserba (booking).



## Paano hahanapin ang pinakamalapit na Pangkomunidad na Transportasyon?

Upang mahanap ang inyong lokal na opereytor, sundin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Bumisita sa **transportnsw.info/operators**
2. Isulat ang pangalan ng inyong lugar sa Transport Operators “search field”, o gumamit ng “mode at region filters” upang malaman ang Pangkomunidad na Transportasyon sa inyong lugar.

   Ang mga resulta ng paghahanap, pati ang mga detalye ng “website” at kontak ay lalabas ayon sa pagkasunod-sunod ng abakada.
3. Pindutin ang website ng opereytor o tawagan ang nakasulat na numero ng telepono para sa dagdag na impormasyon.

M1446 - 0719